



# Pangkat para sa Pagtitiwala at Kaligtasan ng Senso

## Pagprotekta sa Bilang sa 2020

Binago ng paggamit ng mga digital na platform ang paraan ng pagkuha ng mga tao ng kanilang balita at mga update, na mas pinapadali ang pagkalat ng mga scam at hindi totoong impormasyon. Ang Kawanihan ng Senso ng U.S. ay dedikado sa pagprotekta sa iyo mula sa mali at mapanlinlang na impormasyon tungkol sa 2020 Senso. Tulungan kaming protektahan ang pagbibilang sa pamamagitan ng pag-uulat **ng hindi wasto, kahina-hinala, o huwad na impormasyong** iyong nababasa, napapakinggan, o nakikita online, kabilang ang:

- Isang **sabi-sabi o tsismis** sa isang message board o grupo na nagpapahayag ng impormasyong ibinibigay mo ay isisiwalat sa publiko.
- Isang **post** na ibinahagi sa social media na nagsasabing huwag makibahagi sa 2020 Senso.
- Isang **kahina-hinalang email na hinihingi** ang iyong numero ng social security o impormasyon ng account sa bangko para sa 2020 Senso.
- Isang **anunsyo** sa social media na nagbabahagi ng mga pekeng website ng 2020 Senso at hindi wastong impormasyon.

## Bakit Mahalaga ito

Ang senso ay isa sa pinakamahahalagang kaganapan sa Estados Unidos. Kada 10 taon, tumutulong ang senso sa **pagpapasya ng bilang ng mga puwestong nakukuha ng iyong estado sa Kongreso at kung paano maipapamahagi ang bilyun-bilyong dolyar sa pederal na pagpopondo sa mga estado at komunidad kada taon**.

Tulungan ang Kawanihan ng Senso na **protektahan ang kawastuhan ng bilang** sa pamamagitan ng **pag-uulat ng hindi wasto, kahina-hinala, o huwad na impormasyon.**

## Ano ang Maaari Mong Gawin?

- Iulat ang kahina-hinalang impormasyon at mga tip sa: **rumors@census.gov.**
- Markahan ang kahina-hinalang impormasyon sa **Facebook, Twitter, Instagram, YouTube** at iba pang mga platform.
- Tumawag sa 844-478-2020 upang i-report ang kahina-hinalang aktibidad.
- Makipag-ugnay sa amin sa aming **naberipikang mga social media account** (@uscensusbureau).

**Shape your future**
**START HERE >**

United States® Census 2020